Original Article




# Representasyon ng piling editoryal karton sa panahon ng pandemya: Isang eco-critical discourse analysis

Arnel T. Noval

*College of Arts and Sciences, Departamento ng Filipino at Ibang mga Wika, Cebu Technological University - Main Campus, Cebu City, Philippines*

*Correspondence:* arnelnoval663@gmail.com

Received: 01 Apr. 2024 || Revised: 05 Aug. 2024 || Accepted: 22 Jan. 2025
Available online: 21 Feb. 2025

©Western Philippines University
ISSN: 1656-4707
E-ISSN: 2467-5903
Homepage: www.palawanscientist.org

**How to cite:**
Noval AT. 2025. Representasyon ng piling editoryal karton sa panahon ng pandemya: Isang eco-critical discourse analysis. The Palawan Scientist, 17 (1): 97-113. https://doi.org/10.69721/TPS.J.2025.17.1.10

Galley Proof

## ABSTRAK

Nilayon ng pag-aaral na mahimay ang diskurso ng piling editoryal karton sa panahon ng pandemya bilang kabahagi ng diskursong ekolohikal. Tiniyak din nitong masuri ang mga tampok na semyotika (*semiotic features*) ng piling editoryal karton na mabisang komponent sa pagpapaabot ng diskursong may kinalaman sa kapaligiran, mga isyung pangkalikasan at panlipunang dulot ng *COVID-19* pandemya. Gumamit ang pag-aaral ng *eco-critical discourse analysis* sa pagsusuri sa semyotika ng limang piling editoryal karton ayon sa sitwasyon, wika at *semiotic strategies*, target, lohikal na mekanismo, at *script opposition* at binigyang pagpapakahulugan ang mga lantad at di-lantad na mensaheng ipinapahiwatig nito. Natuklasan sa pag-aaral na ang nangungunang diskursong ekolohikal na nasipat sa piling editoryal karton ay may kaugnayan sa paglaganap na dulot ng *COVID-19* pandemic at nang walang habas na pagputol ng mga puno na naging sanhi ng pagbaha sa bansa. Ang pandemyang ito ay nagsiwalat sa iba pang mga isyung panlipunang kinahaharap ng bansa gaya ng mababang pasahod sa mga nars, walang kasiguraduhang pagpapatupad sa mga naipangakong proyekto/programa ng gobyerno, at ang mataas na bayarin sa kuryente na ipinalutang sa mga lantad na mensaheng ipinahiwatig ng mga nakasulat na teksto at mga di-lantad na mensaheng ipinahihiwatig ng mga guhit at ekspresyon sa mukha ng mga karakter sa karton. Bilang kongklusyon, ang semyotika kabilang na ang *linguistic*, *semiotic*, at *visual tools*, at iba pang aspektong berbal at di-berbal ay nakatutulong sa paghahatid sa mensaheng nais ipabatid ng *cartoonist.* Ang paggamit ng pang-uuyam at nakatatawang ekspresyon sa mukha ng mga karakter sa editoryal karton ay isang mabisang kasangkapan sa pagpapalutang ng diskursong pangkapaligiran at isyung pangkalikasang kinakaharap ng lipunan sa panahon ng pandemya. Inirerekomenda ng pag-aaral na magsagawa ng mas malawakang pag-aaral sa diskurso ng editoryal karton sa bawat rehiyon ng bansa gamit ang *eco-critical discourse analysis*, *ecolinguistics*, *green studies*, at iba pang lapit sa pagsusulong sa pangangalaga at preserbasyon ng kalikasan.

**Mga Susing Salita:** editoryal, ekolohikal na diskurso, karikatura, pagpapakahulugan, semiotic features, visual metaphor

This article is licensed under a Creative Commons Attribution-NonCommercial 4.0 International License

# Representation of selected editorial cartoons during the pandemic: An eco-critical discourse analysis


**ABSTRACT**
**(English)**

This study aims to examine the discourse of the selected editorial cartoons during the pandemic as part of the ecological discourse. It also ensures to analyze the semiotic features of the editorial cartoons, which are an effective component in conveying the discourse related to environmental and societal issues caused by the COVID-19 pandemic. The study utilized eco-critical discourse analysis to analyze the semiotic features of five selected editorial cartoons according to the situation, language, semiotic strategies, target, logical mechanism, and script opposition, which were used to interpret the intentional and unintentional messages they convey. The study revealed that the leading ecological discourse found in the selected editorial cartoons was related to the outbreak caused by the COVID-19 pandemic and the reckless cutting of trees, which resulted in flooding in the country. The pandemic has revealed other social issues that the country is facing, such as low wages for nurses, uncertain implementation of government-sponsored and high electricity bills, conveyed in the intentional messages in the written texts and the unintentional messages in the drawings and characters' facial expressions in the cartoons. In conclusion, the semiotic features, including linguistic, semiotic, and visual tools, along with other verbal and non-verbal aspects, help impart the message that the cartoonist wants to convey. This only proves that the use of sarcasm and humorous facial expressions of the characters in the editorial cartoons are effective tools in unveiling the environmental discourse and issues faced by society during the pandemic. The study recommends conducting more comprehensive research on the discourse of editorial cartoons in each region of the country using eco-critical discourse analysis, ecolinguistics, green studies, and other approaches to promote the conservation and preservation of nature.


**Keywords:** caricature, editorial, ecological discourse, meaning, semiotic features, visual metaphor

## INTRODUKSYON

Ang *COVID-19 o coronavirus disease 2019* ay nakaapekto sa lahat ng aspekto ng mga gawain ng tao sa buong mundo mula sa edukasyon, pananaliksik, isports at iba pang larangan. Kabilang din ang transportasyon, pagsamba, sosyal na pagtitipon/interaksyon, ekonomiya, pagnenegosyo, at politika. Sa katunayan, ang buong mundo ay nasa pagkabalisa dahil sa banta ng pandemya, ang reyalidad ng sitwasyon ay mapanghamon at ang sektor ng edukasyon ay nananatiling isa sa pinakanaapektuhan ng paglaganap ng *COVID-19* (Onyema et al. 2020). Sa Pilipinas, ang pandemya ay nagdulot ng maraming problema sa bansa na nakaapekto hindi lamang sa sektor ng kalusugan maging sa lahat ng mga aspekto ng pambansang buhay. Naapektuhan nito ang pamamalakad sa gobyerno, pagpapatakbo ng negosyo sa industriya, at buhay ng mga ordinaryong tao sa bansa (Manila Bulletin 2020).

Walang bansa o lahi sa mundo ang sanay mula sa pandemyang dulot ng *COVID-19.* Ang mundo ay tila nabalisa sa mabilis na pagkalat ng epekto nito. Sa loob lamang ng ilang buwan ng paglaganap, binago nito ang pamumuhay ng pangkalahatan, bilyon-bilyong katao ang napilitang manatili sa kanilang mga tahanan, mag-obserba ng *self-isolation*, magtrabaho at matuto sa kani-kanilang mga tahanan (Onyema et al. 2020). Ayon sa World Health Organization (2020), ang bilang ng impeksyon at namamatay ay patuloy na tumataas sa buong mundo. Upang maiwasan ang impeksyon, inirekomenda ng *WHO* ang pagpigil, mitigasyon, *contact tracing*, *self-isolation*, *social distancing*, pagsusuot ng *face mask*, pagpapahusay ng sistemang pangkalusugan, paghuhugas ng kamay, at paglilinis o pag-*disinfect* ng mga nahahawakan.

Nagdulot ang paglaganap ng *COVID-19* nang biglaang pagtigil sa karaniwang kalakaran at pamumuhay ng mga tao sa mundo. Ang mga *cartoonist* sa buong mundo ay kumilos sa pamamagitan ng pagpapaabot sa mga tao at pagpapalawak ng kamalayan tungkol sa *virus,* habang pinagsusumikapan namang maging magaan at masaya ang sitwasyon. Lumikha sila ng mga *COVID-19* karton at komiks na isang mahusay na paraan upang maagapan ang *stress* na naidulot ng *virus.* Bagaman ang mga karton at komiks istrip ay madalas na inaanalisa kaugnay sa konsepto ng kapangyarihan at pagtutol, may mga pag-aaral sa mga karton at komiks istrip sa panahon ng pandemya ang nagpapakita na nakatutulong ito upang mawala sa isipan ng mga tao ang tensyonadong kalagayan at nakatutulong din ito sa paglikha ng kamalayan sa realidad ng pandemya sa paraang magaan sa kalooban (Alabi 2020).

Ang pandemyang naganap sa Pilipinas ang nagtulak sa mananaliksik upang isagawa ang pag-


*© 2025, Western Philippines University*



Galley Proof

aaral na nakatuon sa pagsusuri sa mga editoryal karton na nailathala sa panahong may banta ng kalabang hindi nakikita – ang *COVID-19.* Naniniwala ang mananaliksik na mahalaga at napapanahon ang pag-aaral sa diskursong pangkapaligiran at mga usaping pangkalikasan sa pamamagitan ng pagsusuri sa piling editoryal karton sapagkat mabisa itong kasangkapan sa paglalarawan ng totoong kalagayan ng lipunan partikular sa panahon ng pandemya sa Pilipinas. Ang editoryal karton ay kasasalaminan ng iba't ibang sosyo-politikal na sitwasyon, mga usaping pangkapaligiran, indibidwal, at mahahalagang pangyayari sa lipunan na maaaring maging tulay sa katotohanan at imahinasyon ng *cartoonist* na ipinapahayag sa pamamagitan ng katatawanan o satirikong pamamaraan. Ang katatawanan o satirikong pamamaraang ito ay maaaring maglatag ng mga diskursong pangkapaligiran at usaping pangkalikasan sa panahon ng pandemya gaya ng pagkalat ng nakamamatay na sakit o *virus*, pang-aabuso sa kalikasan at iba pang usaping dulot nito tulad ng pagtaas ng mga bilihin, gasolina, kuryente, mababang sahod ng mga nars, kakulangan sa ayuda, at iba pang usaping panlipunan. Ayon kay Bantugan (2020), ang mga editoryal karton ay sumisibol mula sa mga kalunus-lunos na katotohanan na humihimok sa maugong na panawagan ng pagkilos alinsunod sa panlipunang katarungan at ang pagiging patas. Binibigyang-diin nito ang mga partikular na konteksto na kailangang ayusin ng mga nasa kapangyarihan ngunit patuloy na isinasawalang-bahala bagaman nakasalalay rito ang buhay o kamatayan.

Sa pamamagitan ng pagsusuri sa eko-kritikal (*eco-critical*) na diskurso ng lipunan, mas mapapalawak pa ang kasanayan ng mga guro sa pagsusuri sa mga diskursong pangkapaligiran, usaping pangkalikasan, at mga sanga-sangang isyung panlipunan sa panahon ng pandemya. Dahil dito, mabibigyan ang mga guro ng pagkakataong makabuo ng mga gawaing pampagkatutong kontekstuwalisado at mailapat ang mga inobatibong estratehiya sa pagtuturo na direktang sasangkot sa mga mag-aaral sa mga usaping ito. Kaugnay nito, nagiging mulat ang mga mag-aaral at ang komunidad sa mga napapanahong usapin sa lipunan. Sa ganitong paraan, mahihimok sila na maging aktibo sa pakikilahok upang malutasan o maagapan ang mga usaping ito. Ang pag-aaral na ito ay magiging dagdag sa lawak ng kaalaman hinggil sa pagsasalimbayan ng berbal at di-berbal na pagpapahiwatig ng karikatura kabilang na ang semyotika at mga pagpapakahulugan nito batay sa eko-kritikal na diskurso ng lipunan. Ayon kay Chandler (2011), mahalaga ang semyotika sapagkat itinuturo nito na ang realidad ay isang sistema ng mga simbolo. Ang pag-aaral ng semyotika ay makatutulong din upang maging mulat tayo sa realidad bilang isang konstruksiyon at sa mga tungkuling ginagampanan ng ating sarili at ng iba sa pagbuo nito. Nilalayon ng pag-aaral na masuri ang kalagayan ng bansa sa panahon ng pandemya sa pamamagitan ng eko-kritikal na pagsusuri sa diskurso sa piling editoryal karton upang makapagsagawa ng malalimang pag-aanalisa sa mga usaping ipinalulutang nito at mabigyan ng naaangkop na pagpapakahulugan ang semyotika na mamamalas sa mga karikatura. Sisipatin nito ang pagsasalimbayan ng berbal at di-berbal na pahiwatig gaya ng mga nakasulat na teksto, guhit, simbolo, at mga ekspresyon sa piling karikatura.

Nakatuon ang pag-aaral sa pagsusuri sa representayon ng piling editoryal karton sa panahon ng pandemya sa pamamagitan ng *eco-critical discourse analysis.* Ang pagsibol ng *eco-critical discourse analysis* ay bunga ng patuloy na pag-aangkop at pag-unlad ng panlipunang kilusan sa *critical discourse analysis* (CDA). Ang *CDA* ay isang *practically-oriented* na anyo ng *discourse analysis* na naglalayong matugunan ang mga suliraning panlipunan (Haig 2001). Tinatangka ng *CDA* na tukuyin ang kahulugan ng talakayan at kung paano nakabubuo ang diskurso ng ganitong uri ng kahulugan. Nilalayon nitong ihayag ang epekto ng ideolohiya sa talakayan sa pamamagitan ng pang-ibabaw na antas (*surface level*) ng estruktura ng wika, para sa kaayusan sa lipunan at mga relasyon sa kapangyarihan, ang kontra-aktibong impluwensya ng diyalogo at pilosopiya at kung paano umusbong at gumagana ang mga komponent nito. Tinatangka nitong ilantad ang ugnayan sa pagitan ng wika, ideolohiya, at kapangyarihan (Ahmed at Ali 2022).

Pinangangatwiranan naman nina Freeden et al. (2013) na ang *CDA* ay hindi lamang isang paraan ng pagsusuri kundi isang kilusang panlipunan. Maaaring kabilang dito ang pagsusuri ng leksikon, sintaks, lokal at pandaigdigang kahulugan (semantiks), *speech act*, at iba pang kontekstuwal na relasyon (pragmatiks), argumentasyon, retorika, estilo, *narrative framework*, o anumang iba pang tradisyunal na oraganisasyon ng diskurso. Sinuportahan naman ito ni Haig (2001), binanggit niya na ang *CDA* ay isang anyo ng *discourse analysis* na gumagamit ng *sytematic-functional linguistic* upang pag-aralan kung paanong ang pormal na lingguwistika ay nagtatampok ng mga teksto tulad ng bokabularyo at gramatika na nauugnay sa sosyal na kapangyarihan.

Idinagdag naman ni Haig (2001) na maraming isyung pangkapaligiran ang nagsasangkot sa tunggalian ng kapangyarihan sa pagitan ng magkasalungat na mga grupo at ang mga tunggaliang ito ay madalas na nagaganap sa wika. Samakatuwid, makatutulong ang *CDA* na maging mas sistematiko at kritikal na kamalayan sa wika kung saan tinatalakay ang mga bagay sa kapaligiran. Ang ganitong kamalayan ay makatutulong na maunawaan ang ideolohikal na pagpapalagay ng mga tekstong pangkalikasan. Kamakailan, ang pinsala sa ekolohiya

Galley Proof


*© 2025, Western Philippines University*

at polusyon sa kapaligiran ay lubhang nakababahala. Kung kaya, sinimulan ng mga eksperto sa iba't ibang larangan ang pag-aaral kaugnay sa mga isyung pangkapaligiran batay sa iba-ibang pananaw. Upang maiwasan ang mabilis na pagkasira ng ekolohikal na kapaligiran, sumibol ang ekolinggwistika bilang larangang nakatuon sa mga usaping pangkapaligiran (Zhang et al. 2023). Ang ekolingguwistika (*ecolinguistics*) ang nagbigay ng puwang sa pagsibol ng *eco-critical discourse analysis*. Ipinakilala ni Stibbe (2015b) ang isa sa mga pangunahing pokus ng ekolingguwistika na pag-aaral, na tinatawag na *ecolinguitics discourse analysis* o *eco-critical discourse analysis*. Samakatuwid, ang paggamit ng mga terminong ito ay maaaring magkapalitan. Binanggit nina Zhang et al. (2023) na ang pagsusuri sa eko-kritikal na diskurso ay isa sa mahahalagang bahagi ng pananaliksik sa ekolinggwistika, ibig sabihin, ito ay isang kritikal na pagsusuri sa diskurso ng paggamit ng wika mula sa pananaw ng kapaligirang ekolohikal ng wika.

Ayon kay El-Hameed (2016), si Halliday ang kinokonsiderang nanguna sa larangan ng *eco-critical discourse analysis* matapos ang kanyang maimpluwensyang panayam na pinamagatang "*New Ways of Meaning*" at nailathala noong 2001. Ang pangunahing halimbawang ibinigay niya sa kanyang panayam ay ang paglaganap ng metapora ng "*economic growth*." Inilarawan niya ang mga salita sa wikang Ingles bilang "*large, yellow and tall*", sinuri bilang positibo at mabuti ngunit ang mga ito ay nakasasama sa ekolohiya. Ang mga pamaraan ng *ecocriticism* sa *discourse analysis* ay magkakaiba, na nakatuon sa kung paano hinuhubog ng wika at komunikasyon ang pag-unawa ng tao sa mga isyu sa kapaligiran. Ang mga pamamaraang ito ay mula sa tekstuwal na analisis na sumusuri sa mga nakasulat na teksto, hanggang sa analisis sa kombersasyon na gumagalugad sa sinasalitang wika sa mga talakayang nauugnay sa kapaligiran, at iba pang pamaraan (Discourse Analyzer 2024).

Winika ni Dash (2019) na ang ekolingguwistika ay nagbibigay ng mga pangangailangan sa lingguwistika sa pangangalaga ng ekolohiya sa pamamagitan ng wika upang mapanatili ang *ecological sustainability* sa pamamagitan ng paggamit, pagbuo, at pagsulong ng wika nang magkasabay. Ang ekolingguwistika ay ang pag-aaral na nakatuon sa kritikal na pagsusuri ng wika ng potensyal na pagtaas ng pagkasira ng ekolohikal na aspeto ng buhay at naglalayong makahanap ng isang paraan upang magbigay ng inspirasyon sa sangkatauhang protektahan ang kalikasan (Mansyur et al. 2021). Ipinaliwanag ni Stibbe (2015a) na sa ekolingguwistika at *critical discourse analysis*, nilalayon nitong maipakita ang representasyon ng mga isyung ekolohikal sa diskurso at mapalawak ang kritikal na kamalayan sa wika. Sa kasalukuyan, marami ng mga kasangkapang pangwika ang ginagamit ng mga tao upang maipaabot, maisulong, at mapalawak ang mga usaping pangkalikasan at iba pang suliraning panlipunan tulad ng editoryal karton.

Malaki ang naitutulong ng paggamit ng editoryal karton sa paglalantad ng mga usaping pangkapaligiran at napapanahong isyung panlipunang danas ng mga tao lalo na sa panahon ng pandemya na nagdulot ng malaking pinsala at pangamba sa pamumuhay, kalusugan, at ari-arian. Binanggit nga nina Xue at Xu (2021) na ang pandemyang *COVID-19* na isang pampublikong emerhensiya sa kalusugan ay nagdulot ng malawakang pagpapahirap sa sangkatauhan sa siglong ito at naging dahilan nang matinding banta sa buhay at kalusugan ng tao.

Ang editoryal karton ay mabisang paraan ng pagtalakay sa mga isyung panlipunan at isinasalamin nito ang pananaw ng nakararaming mga miyembro ng pangkalahatang publiko sa isang partikular na kilusan (Pinto at Mustaffa 2023). Isinaad nina Freeden et al. (2013) na ang karikatura ay ang sining ng pagbaluktot, paghila, pag-unat at pagsisiyasat sa pagkakahawig upang mahanap ang mga mahahalagang punto. Ayon naman kay El-Hameed (2016), ang *cartoon* o karton ay mga guhit na idenisinyo upang maipaabot ang isang mensahe. Gumagamit ang *cartoonist* ng mga karikatura at simpleng biswal na imahe upang ipakita ang mga ideya at maunawaan ng mga mambabasa, lalo na kapag gumagamit ng mga simbolong biswal para sa mga komplikadong konseptong pampolitika.

Nakatutulong sa mga mambabasa ang mga metapora sa karton sa paglikha ng isang positibo o negatibong opinyon at paghuhusga kung kaya maaari itong isaalang-alang bilang isang mapanghimok at ideolohikal na kasangkapan ng *cartoonist* na may kamalayan sa paggamit (Gil 2018). Sa pag-aaral ni Oluremi (2019), ang *cartoon* at *humor* ay mga reserba ng midya upang mapanatili ang hindi maikakailang presensya at impluwensya sa komunikasyon ng matagal ng institusyong panlipunan na kilala bilang politika. Batay sa komunikatibong gampaning ginagampanan ng *cartoon* at *humor*, kapwa pinangangalagaan ng dalawa ang simbolikong ugnayan nito sa politika. Isinasaad na ang mga politikal karton ay makapangyarihang komunikatibong sandatang ginagamit upang patamaan o pasaringan ang gobyerno nang hindi gumagamit ng dahas o nagdudulot ng pinsala sa apektadong tao at/o institusyon.

Sa pag-aaral ni Bantugan (2020), patuloy na pumupuna ang mga editoryal karton sa malawak na agwat ng kapangyarihan, kahit na sa panahon ng *COVID-19* kung kailan ang mga dati nang walang kapangyarihan ay nagiging mas walang kapangyarihan dahil sa kakulangan ng *mobility*, mga mapagkukunan, mga pagpipilian, at suporta mula sa gobyerno. Ipinalulutang ng editoryal karton ang kalunos-lunos na realidad na humihimok ng

Galley Proof


*© 2025, Western Philippines University*

panawagan sa panlipunang hustisya at katarungan, at binibigyang-diin ang mga partikular na konteksto na kailangang ayusin ng mga nasa kapangyarihan ngunit patuloy na napababayaan gayong nakasalalay sa sitwasyong ito ang buhay o kamatayan.

Ang mga karton ay isang koleksyon ng mga elemento na binibigyan ng iba't ibang pagpapakahulugan ng bawat tao. Nangangahulugan ito na ang anumang bagay ay maaaring gamitin upang mailarawan at manudyo sa mga katiwalian sa lipunan, gayundin ang pagbibigay ng kabatiran sa mga *social pattern* at pagsasaalang-alang sa kung paanong ang mga pangyayari ay nakalilikha ng magkatulad na pagpapakahulugan para sa tiyak na pangkat ng lipunan (Pinto at Mustaffa 2023). Sa panahon ng pandemya, ang mga editoryal karton ay naghatid ng mga impormasyon sa pamamagitan ng natatangi nitong paraan at sa paggamit ng mga simbolo, figura o guhit, nakasulat na teksto, at mga ekspresyon ng mga karakter. Ito ang nagbibigay-diin sa kahalagahan ng semiotika ng mga editoryal karton sa pagpapalawak ng kabatiran ng mga mambabasa kaugnay sa mga napapanahong usapin ng lipunan partikular na sa mga usaping dulot ng pandemya.

Ang semyotika ay isang pagsisiyasat sa kung paano nalilikha ang kahulugan at kung paano ito ipinapahayag. Nag-uugat ito sa akademikong pag-aaral sa kung paano nabubuo ang kahulugan ng mga palatandaan at simbolo (*visual* at *linguistic*). Pangunahing kasangkapan ito upang matiyak na ang sinadyang pagpapakahulugan ay malinaw na nauunawaan ng tatanggap nito. Madalas may magagandang dahilan kung bakit hindi nauunawaan ng isang tao ang tunay na intensyon ng isang mensahe. Sa ganitong pagkakataon, makatutulong ang semyotika na malutas ang pagkalito at matiyak ang kalinawan ng kahulugan (Sign Salad nd). Ang palatandaan (*semiotic*) ay maaaring tumutukoy sa isang nosyon o bagay na gumaganap sa gampanin ng isang palatandaan. Sa semiotika, ang multisiplidad sa pagitan ng *signifier* at *signified* ang lumikha ng konsepto ng kahulugan. Ang *signifier* ay maaaring isang larawan o isang grapiko na kumakatawan sa isang bagay tulad ng mga salita o titik. Samantala, ang *signified* ay ang magkakaugnay na katotohanan ng isang ideya (hinalaw sa Freeden et al. 2013).

Ayon kay Chandler (2011), ang palatandaan (*sign*) ay isang natatanging kumbinasyon ng *signifier* na may partikular na *signified*. Ang *signifier* ay ang larawan o titik na bumubuo ng isang salitang may materyal na elementong nagsisilbing representasyon ng pandama ng isang tao. Sa kabilang banda, ang *signified* naman ay ang konseptong nasa isip. Tumutukoy ito sa nosyon ng isang bagay at hindi ang mismong bagay. Nakikilala ang mga *signifier* sa editoryal karton na kadalasang nasa malaking titik at naka-*bold*. Ilan sa *signifiers* ay may mga *signified* o kahulugang katulad ng kanilang porma (*signifier*) batay sa kung paano ito ginagamit sa mga editoryal karton. Gayundin, ang pantukoy na "ang" ay kadalasang ginagamit sa mga *signified* (kahulugan) ng palatandaan sa kadahilanang ito ay nagbibigay ng distinksyon (Mendoza 2016).

Kinokonsidera ng *semiotic analysis* na pag-aaral ang mga karton/karikatura bilang imahe o larawan na naghahatid ng kahulugan at nagsisilbing tahimik na paraan ng komunikasyon (hinalaw sa Pinto at Mustaffa 2023). May mga pag-aaral na nailathala na sumuri sa diskurso ng mga editoryal karton gaya ng pag-aaral ni Gil (2018), Adedun et al. (2017), at Oluremi (2019). Sa pag-aaral ni Gil (2018), sinuri niya ang paggamit ng mga metaporang multimodal sa mga karton ng Espanya na inilathala sa iba't ibang pahayagan na naglalarawan sa panloob na krisis pampolitika ng partidong sosyalista noong 2016. Tinangka naman sa pag-aaral nina Adedun et al. (2017) ang ekolingguwistikong pagsusuri mula sa eko-kritikal na perspektiba ng mga napiling editoryal ng mga pahayagan sa Nigeria. Tinatangka rin sa pag-aaral ni Oluremi (2019) ang pragmeme ng katatawanan sa piling *political events* sa Nigeria sa taong 2016 na isiniwalat sa mga kartong pampolitika. Ang mga pag-aaral ay kapwa nakatuon sa ugnayang pampolitika at isyung pangkalikasang isinasalamin sa mga kartong pampolitika ng isang bansa.

Bilang paglalahat, pinagtitibay lamang ng mga kaugnay na literatura at pag-aaral na ang kasalukuyang pag-aaral ay mahalaga, napapanahon, at naaangkop upang maihatid ang mga diskursong sumasangkot sa kapaligiran at isyung pangkalikasan sa panahong nakararanas ang bansa ng mga banta ng *COVID-19*. Sinipat sa pag-aaral ang diskurso ng piling editoryal karton sa panahon ng pandemya bilang kabahagi ng diskursong ekolohikal kabilang na ang semyotika nito na mabisang paraan sa pagpapaabot ng diskursong nauugnay sa kapaligiran at sa mga isyung pangkalikasan batay sa sitwasyon ng karton, wika at *semiotic strategies*, target, lohikal na mekanismo at *script opposition*. Natatangi ang kasalukuyang pag-aaral sapagkat nakatuon ito sa mga sanga-sangang isyung naidudulot ng *COVID-19* at ng mga suliraning panlipunang naganap sa panahon ng pandemya bilang kabahagi ng ekokritikal na diskurso sa Pilipinas.

## PAMAMARAAN

### Disenyo ng Pag-aaral

Ginamit sa pag-aaral ang kwalitatibong metodo ng pananaliksik sa paraang *eco-critical discourse analysis* sa pagsusuri sa piling editoryal karton sa panahon ng pandemya. Ginagamit ang berbal at di-berbal na komunikasyon upang maihatid ang mga ideya at katotohanan. Ang mga elemento ng pagiging dominante at hindi pagkapantay-pantay ay ang pangunahing mapagkukunan ng *CDA* upang


*© 2025, Western Philippines University*



Galley Proof

mapanghawakan ang lahat ng *pattern* na ginamit sa komunikasyon sa pagkuha ng malalim na pag-unawa (Van Dijk 2001).

Iniangkla ang pag-aaral sa *Semantic Script Theory of Humor* at *Visual Metaphor*. Ayon kay Mazid (2008), ang *Semantic Script Theory of Humor* ay nakabatay sa argumento ng *script/schema opposition* sa nakatatawang diskurso. Sinuportahan ito ni Negro (2017) sa teoryang *Visual Metaphor* na nagsaad na ang "*metaphor in political cartooning exemplifies a critical perspective on a political issue or a recent event*."

Sa pag-aanalisa ng mga datos, ginamit ang modelong *bottom up* sa pagsusuri na nakabatay sa modelo nina Attardo at Raskin (sa El-Hameed 2016). Kinasasangkutan ang modelo ng pagsusuri sa sitwasyon ng karton, wika at drowing, *semiotic strategies*, target, lohikal na mekanismo at *script opposition*. Sinimulan ang pag-aaral sa pamamagitan ng paglikom ng mananaliksik ng mga editoryal karton na nailathala sa panahon ng pandemya. Limang editoryal karton ang napili ng mananaliksik sa mga pahayagang ma-a*access online* gaya ng Sunstar at Manila Bulletin na inilathala noong Hulyo hanggang Nobyembre 2020. Pagkatapos ng paglikom ng mga larawan, sinuri ng mananaliksik ang ekolohikal na diskurso sa piling editoryal karton sa panahon ng pandemya at hinimay ang semyotika nito na may kaugnayan sa kapaligiran at sa mga isyung pangkalikasang nakatuon sa pagsusuri sa sitwasyon ng karton, wika at drowing, *semiotic strategies*, target, lohikal na mekanismo at *script opposition*.

Sinundan ito ng paglalahad at pagpapakahulugan ng mga natuklasan ng isinagawang pagsusuri. Ang mga nalikom na editoryal karton ay sinuring mabuti bilang ambag sa ekokritikal na lapit sa paghihimay sa diskursong saklaw ng kapaligiran at mga isyung pangkalikasan at ang mga sanga-sangang suliraning panlipunang nararanasan ng lipunan.

**Pinanggalingan ng mga Datos**

Limang editoryal karton ang napili ng mananaliksik sa mga onlayn na pahayagang Sunstar at Manila Bulletin na inilathala noong Hulyo hanggang Nobyembre 2020 kabilang nito ang 1. *Welcome, Baguio City* (Figyur 1; Santisas 2020b), 2. *Gov't nurse finally get nurses long-delayed pay increases* (Figyur 2; Santiago 2020b), 3. *Telling vs. showing* (Figyur 3; Santisas 2020a), 4. *Environment, energy issues linked to pandemic* (Figyur 4; Santiago 2020a), at 5. R*eforestation – long-range answer to massive flooding* (Figyur 5; Santiago 2020c). Sinuri ng mananaliksik ang ekolohikal na diskurso sa piling editoryal karton sa panahon ng pandemya (Talahanayan 1) at hinimay ang semyotika na nauugnay sa kapaligiran at sa mga isyung pangkalikasan na nakatuon sa pagsusuri sa sitwasyon ng karton, wika at *semiotic strategies*, target, lohikal na mekanismo at *script opposition*. Bilang pagsasaalang-alang sa etikal na konsiderasyon, sumulat ang mananaliksik sa Manila Bulletin at Sunstar upang humingi ng pahintulot na masuri ang piling editoryal karton. Tiniyak din ng mananaliksik na mabigyan ng karampatang pagkilala ang lahat ng mga sangguniang sinangguni ng kasalukuyang pag-aaral.





**Figyur 1.** *Welcome, Baguio City* (*posted July 2020*) *on Sunstar's website* (*Copyright 2018 Sunstar Publishing Inc. All rights reserved worldwide*).




**Figyur 2.** *Government nurse finally get nurses long-delayed pay increase* (*posted July 2020*) *on Manila Bulletin's website (Copyright 2024 Manila Bulletin the Nation's Leading Newspaper. All rights reserved)*.




**Figyur 3.** *Showing vs. telling* (*posted July 2020*) *on Sunstar's website* (*Copyright 2018 Sunstar Publishing Inc. All rights reserved worldwide*).




**Figyur 4.** *Environment, energy issues linked to the pandemic (posted August 2020) on Manila Bulletin's website (Copyright 2024 Manila Bulletin the Nation's Leading Newspaper. All rights reserved).*




**Figyur 5.** *Long-range answer to massive flooding* (*posted November 2020) on Manila Bulletin's website (Copyright 2024 Manila Bulletin the Nation's Leading Newspaper. All rights reserved).*

**Talahanayan 1.** Mga editoryal karton na sinuri sa pag-aaral (*Editorial cartoons analyzed in the study*).

| Pamagat ng Editoryal Karton | Petsa ng Publikasyon | Websayt |
|---|---|---|
| Welcome, Baguio City | 09 July 2020 | Sunstar https://www.sunstar.com.ph/article/1862968/Cebu/Opinion/Editorial-Welcome-Baguio-City |
| Government nurses finally get nurses long delayed pay increase | 21 July 2020 | Manila Bulletin https://mb.com.ph/2020/07/21/govt-nurses-finally-get-nurses-long-delayed-pay-increases/ |
| Telling vs. Showing | 23 July 2020 | Sunstar https://www.sunstar.com.ph/article/1864593/Cebu/Opinion/Editorial-Telling-vs-showing |
| Environment, energy issues linked to pandemic | 09 August 2020 | Manila Bulletin https://mb.com.ph/2020/08/09/environment-energy-issues-linked-to-pandemic/ |
| Reforestation – long-range answer to massive flooding | 19 November 2020 | Manila Bulletin https://mb.com.ph/2020/11/19/reforestation-long-range-answer-to-massive-flooding/ |

## Limitasyon ng Pag-aaral

Nakatuon ang pag-aaral sa pagsusuri sa *semiotic features* ng limang editoryal karton batay sa sitwasyon ng karton, wika at *semiotic strategies*, target, lohikal na mekanismo at *script oppositions* na nailathala sa Sunstar at Manila Bulletin noong Hulyo hanggang Nobyembre 2020. Limitado lamang ang bilang ng editoryal karton ang sinuri sa pag-aaral at hindi sumasaklaw sa pangkalahatang diskursong pangkapaligiran at mga isyung pangkalikasan sa bansa. Kaugnay nito, ang interpretasyon ng mananaliksik sa mga editoryal karton ay ilan lamang sa maaaring interpretasyong mahihinuha sa mga ito. Napili ang mga editoryal karton na ito dahil nailathala ito sa panahon ng kasagsagan ng paglaganap ng pandemya. Dagdag pa rito, naging batayan din ng mananaliksik ang pagpili ng mga ito ang *accessibility* nito sa *internet* at ang mga inklusyong at ekslusyong kriterya sa inilahad na Talahanayan 2.

Galley Proof

**Talahanayan 2.** Inklusyon at eksklusyong kriterya sa pagpili ng editoryal karton *(Inclusion and exclusion criteria for selecting editorial cartoons).*

| Kriterya | Inklusyon | Eksklusyon |
|---|---|---|
| Petsa | Mga editoryal karton na nailathala noong Hulyo-Nobyembre 2020 | Mga editoryal karton na nailathala bago at pagkatapos ng Hulyo-Nobyembre 2020 |
| Paksa | Mga editoryal karton na nakatuon sa diskursong pangkapaligiran, usaping pangkalikasan at ang mga sanga-sangang usaping panlipunang dulot ng pandemya | Mga editoryal karton na walang kaugnayan sa paksa |
| Lokasyon | Lokal o nasyonal na setting | Internasyonal na setting |
| Konteksto | Diskursong pangkapaligiran, usaping pangkalikasan at ang mga sanga-sangang usaping panlipunang dulot ng pandemya | Mga usaping walang kinalaman o kaugnayan sa pandemya |
| Publikasyon | Lokal at nasyonal na pahayagan | Internasyonal na pahayagan |

## RESULTA

Inilalahad sa bahaging ito ang prosesong isinagawa sa paghihimay-himay sa piling editoryal karton na nalikom. Ginawang sandigan ng pagsusuri ang mga layuning inilahad sa papel. Matutunghayan din sa bahaging ito ang pagtatalakay sa resulta at interpretasyong nabuo batay sa pagsusuring isinagawa.

**Pagsusuri sa Editoryal Karton 1: *Welcome, Baguio City***

Nakabase ang sitwasyon ng editoryal karton sa mataas na kaso ng impeksyong dulot ng *COVID-19* sa Cebu bilang isa sa mga pangunahing lungsod na naapektuhan ng pandemya (Talahanayan 3). Tatlong tao ang nag-uusap ang makikita sa sitwasyong nasa karton (Figyur 1). Makikita sa editoryal karton na ang *team* mula sa Baguio City batay sa pagkaguguhit ay nagtataglay ng kaalamang sa pagsugpo sa pandemya batay sa mga di-berbal na pagpapahiwatig gaya ng *magnifying glass* na sumisimbolo sa kaalaman at ang postura at kasuotan ng tatlong karakter na nagpapahiwatig ng pagiging kalmado at pagkakaroon ng malaking posisyon sa lipunan. Sa kabuoan, makikita sa editoryal karton na inimbita ang *team* Baguio City upang magbahagi ng kanilang karanasan at mga pamamaraan sa pagsugpo sa pandemya nararanasan sa Cebu City.

**Talahanayan 3.** Pagsusuri sa editoryal kartong "*Welcome, Baguio City*" (*Analysis of the editorial cartoon "Welcome, Baguio City*).

| Semiotic Features | Pagsusuri sa Editorya Karton |
|---|---|
| Sitwasyon | Pagtaas ng impeksyong dulot ng COVID-19 sa Cebu |
| Wika at *Semiotic Strategy* | Mainit na pagtanggap ng mga taga-Cebu sa mga bisitang mula sa Baguio na mga ekspertong tutulong sa pagsugpo ng pandemya COVID-19 |
| Target | Mga ekspertong bisita mula sa Baguio |
| Lohikal na Mekanismo | Pagkokontrast sa pagitan ng tatlong eksperto mula sa *Team Baguio* at ang mga guhit ng bayrus |
| *Script Opposition* | Pagtanggap ng mga taga-Cebu na makikita sa *banner* na "*Welcome to Cebu City*" at panganib ng pandemya |

May kaugnayan naman ang wika at ang *semiotic strategy* sa pagpapahayag ng mensahe sa pagtanggap sa mga bisitang nagmumula sa Baguio at sa paglaganap ng *COVID-19* na nararanasan sa Cebu. Ang kapsyon na "*Welcome to Cebu City*" ay nagpapahayag ng pagtanggap ng mga taga-Cebu sa *team* ng Baguio City. Makikita rin ang nagkalat na guhit ng *virus* malapit sa bukana ng Lungsod ng Cebu, ipinapahayag lamang nito na ang Cebu ay may mataas na kaso ng impeksyong dulot ng *COVID-19*. Mapapansin din ang guhit ng taong nakapamulsa, ang isa naman ay nasa likod ang kamay at taong may hawak na *magnifying glass*. Isinisimbolo nito na ang mga taong ito ay mga eksperto o may sapat na kaalaman at ang kanilang pagbisita ay maaaring may kinalaman sa pagsugpo sa pandemya.

Ang target ng editoryal karton ay ang pagbisita ng *team* Baguio City sa Cebu City upang magbahagi ng kanilang karanasan sa pagsugpo sa *COVID-19.* Sa kabilang banda, mapapansin sa karton na ang *team* mula sa Baguio City ay hindi nakasuot ng *personal protective equipment* (PPE) gaya ng *face mask, face shield,* at iba pa na maaaring magdulot sa kanila ng panganib mula sa impeksyong dulot ng *COVID-19* pandemya.

Sa *logical mechanism* naman, mapapansing may pagkokontrast sa pagitan ng tatlong taong papasok sa Lungsod ng Cebu at sa mga nagkalat na guhit ng mga *virus* upang maibunyag ang mensaheng


*© 2025, Western Philippines University*



Galley Proof

nais maihatid ng editoryal karton. Nagsasalungatan ang ideya ng pagtanggap at ang panganib na maaaring maidulot ng *virus* sa sinumang bibisita sa lungsod. Nagsasalungatan din ang konsepto ng pagiging eksperto ng mga bisita mula sa Baguio City ngunit hindi man lang sila nakasuot ng PPE batay sa guhit na nasa editoryal karton.

Ang *script opposition* sa editoryal karton ay makikita sa *banner* na nakasabit sa may bukana ng lungsod ng Cebu na "Welcome to Cebu City" at sa likod ng taong nasa gitna na *"Baguio City Team."* Nagsasalungatan ang mga script na ito na nagpapahayag ng pagtanggap at banta ng *virus* sa mga bibisita sa Cebu.

**Pagsusuri sa Editoryal Karton 2: *Government nurses finally get nurses long delayed pay increase***

Ang sitwasyon ng editoryal karton ay nakabatay sa matagal nang ipinaglalaban ng mga nars sa Pilipinas na maitaas ang kanilang sahod (Talahanayan 4). Dalawang karakter ang makikita sa editoryal kartong ito (Figyur 2). Una, ang braso na nakabarong na may hawak ng hugis perang papel na may kapsyong "*pay increase"*. Pangalawa, ang nars na inilalarawan sa karton na may punit-punit na uniporme na patuloy na ginagampanan ang kanyang sinumpaang tungkulin sa kabila ng banta ng pandemya.

Ang wika at *semiotic strategy* ay nagkakaisa sa pagpapahayag sa mensahe ng editoryal kartong ito (Talahanayan 4). Mailalarawan sa ekspresyon ng nars ang mensahe ng karton. Nanlaki ang mga mata ng nars nang makita niya ang hugis perang papel na iniabot ng brasong nakabarong. Ang perang papel ay sumisimbolo sa matagal nang pakikipaglaban ng mga nars sa Pilipinas na magkaroon ng kompensasyong nararapat para sa serbisyong kanilang iniaambag sa sektor ng kalusugan. Samantala, mapapansin din ang nakabarong na braso na kumakatawan sa disenteng kalagayan ng mga lider ng bansa. Ang paghawak ng nakabarong na braso sa perang papel ay nagpapahayag sa kapangyarihan ng mga lider ng bansa na kontrolin ang pagtaas ng sahod ng mga nars. Isinisimbolo naman ng imahen ng nars ang reyalidad ng buhay ng mga nars sa bansa na hindi napapasahod nang tama sa kabila ng panganib na dulot ng *COVID-19*. Masasalamin ang nakatatawang mensahe ng editoryal karton sa naging reaksyon ng nars o paglaki ng mata matapos maibigay ang pagtaas ng suweldo na matagal na nilang isinusulong.

Bagamat inihayag sa larawan ang kaawa-awang sitwasyon ng mga nars sa bansa, ang totoong target ng editoryal karton ay ang mga lider ng bansa na nagbubulag-bulagan sa kanilang kalagayan. Isinisimbolo ng brasong nakabarong ang mga lider ng bansa na matagal nang nagbibingi-bingihan sa isinusulong na pagtaas ng suweldo para sa mga nars sa bansa.

Sa *logical mechanism*, nagsasalungatan ang kalagayan o postura ng brasong nakabarong at ang madungis na uniporme ng nars (Talahanayan 4). Naglalaban ang konsepto ng barong na sumisimbolo sa pagiging disente ng mga lider sa bansa at ang gutay-gutay na uniporme ng nars na sumisimbolo sa mahirap na kalagayan ng mga nars na nagsasakripisyo ng kanilang buhay sa panahon ng pandemya.

Ang *script opposition* sa editoryal karton na ay mamamalas sa paglaki ng mga mata ng nars matapos maiabot ang perang papel na may kapsyong "*pay increase*" (Talahanayan 4). Tila ipinapahayag sa ekspresyon ng mukha ng nars na hindi siya makapaniwala na matutupad na ang kanilang isinusulong.

**Talahanayan 4.** Pagsusuri sa editoryal kartong "*Government nurses finally get nurses long delayed pay increase*". (*Analysis of the editorial cartoon* "*Government nurses finally get nurses long delayed pay increase*").

| Semiotic Features | Pagsusuri sa Editorya Karton |
|---|---|
| Sitwasyon | Matagal na panawagan ng mga nars para sa pagtaas ng sahod |
| Wika at *Semiotic Strategy* | Panlalaki ng mata ng nars, hugis perang papel at brasong nakasuot ng barong |
| Target | Lider ng bansa na nagbubulag-bulagan at nagbibingi-bingihan sa panawagang maitaas ang mga nars sa bansa |
| Lohikal na Mekanismo | Naglalaban ang konsepto ng brasong nakasuot ng barong at ang madungis na uniporme ng nars habang tinutupad ang kanyang tungkulin |
| *Script Opposition* | Paglaki ng mga mata ng nars matapos maiabot ng brasong nakabarong ang perang papel na may nakasulat na "*pay increase"* |

**Pagsusuri sa Editoryal Karton 3: *Telling vs. Showing***

Nakabatay ang sitwasyon ng editoryal karton sa magagandang pangako ng mga politiko noong eleksyon at sa pagtupad ng kanilang ipinangako sa termino ng kanilang panunungkulan (Talahanayan 5). Direktang tinukoy sa karton ang mayor ng Lungsod ng Cebu na nagtatalumpati at nangangakong pagtutuonan ng kanyang pamumuno ang paglikha ng mga trabaho, pagtataguyod ng negosyo, suporta sa edukasyon, pagpapabuti ng kalusugan ng mga residente at pag-upgrade ng sistema ng sanitasyon (Figyur 3).

Sa wika at *semiotic strategy*, may dalawang eksenang inilahad sa editoryal karton (Talahanayan 5).


*© 2025, Western Philippines University*



Galley Proof

Una, ang pagtatalumpati ng mayor ng Cebu kasabay ang pagbanggit ng mga pangakong makikita sa kapsyon ng larawan gaya na lamang ng *Carbon Market Modernization, traffic and garbage, education, recovery, COVID-19 response, CCMC*, at *flood control*. Sa kabilang banda, ang pangalawang eksena ay nagpapakita na ang lahat ng kanyang ipinangako ay nakalagay sa isang kartilya ayon sa kanyang pagmamando o pamamahala. Mahihiwatig sa dalawang eksena ang konsepto ng pangangako at pagtupad ng mga pangako. Ang konseptong ito ay umaalinsabay rin sa nauusong pahayag sa *social media* na "*expectations vs. reality*" at nawa'y lahat ng ipinangako ay hindi magagaya sa ibang proyektong napako.

Direktang tinatarget sa editoryal karton ang mayor ng Lungsod ng Cebu. Patunay nito ay ang mga biswal na representasyong tulad ng postura o suot na barong, suot na salamin, hugis ng mukha at ayos ng buhok na karaniwang mapapansin sa kanyang pagtatalumpati.

Inihayag naman sa lohikal na mekanismo ang mga pangako ng mayor ng lungsod ng Cebu sa kanyang mga residente kaugnay sa kanyang mga proyekto. Ganunpaman, maraming pangako ang napapako. Mapapansin sa editoryal karton ang dalawang pagkilos ng karakter – una, ang pagtatalumpati na sumisimbolo sa pagbanggit ng mga pangako sa panahon ng pangangampanya at ang pangalawa ay ang pagkarga ng mayor sa mga pangakong proyekto gamit ang kartilya na sumisimbolo sa pagpapatupad ng mga proyekto.

Nagsasalungatan ang *script opposition* sa dalawang eksenang inilalarawan sa editoryal karton – labanan ng konsepto ng pangako at pagpapatupad. Sa unang eksena ng karton, makikita ang pagtatalumpati ng mayor ng Lungsod ng Cebu na puno ng mga pangako. Ang pangalawang eksena naman ay nagpapakita na ikinakarga ng mayor sa kartilya ang kanyang mga ipinangako. Masasabing may tono ng pang-uyam sa mga eksenang ito sapagkat mahihinuha sa larawan kung paano ipatutupad ng mayor ang kanyang mga ipinangakong proyekto o matutulad lamang ito sa ibang pangako ng mga politiko na napako.

**Talahanayan 5.** Pagsusuri sa editoryal kartong "*Telling vs. Showing*" (*Analysis of the editorial cartoon* "*Telling vs. Showing*").

| Semiotic Features | Pagsusuri sa Editorya Karton |
|---|---|
| Sitwasyon | Magandang pangako ng mga politiko sa panahon ng eleksyon at ang pagtupad nito sa panahon ng panunungkulan |
| Wika at *Semiotic Strategy* | Pagtatalumpati ng Mayor ng lungsod ng Cebu sabay pagbibitaw ng pangakong mga proyekto at kartilya na naglalaman ng mga pangako |
| Target | Mayor ng lungsod ng Cebu |
| Lohikal na Mekanismo | Expectation vs. Reality<br>Pagbibitiw ng pangako at pagtupad ng pangako |
| *Script Opposition* | Nagsasalungatang konsepto ng pagbitiw ng pangako sa panahon ng pangangampanya at pagtupad ng pangako sa panahon ng panunungkulan |

**Pagsusuri sa Editoryal Karton 4: *Environment, energy issues linked to pandemic***

Nakabatay ang sitwasyong mamamalas sa editoryal karton sa mataas na bayarin ng kuryente sa unang mga buwan ng *Enhanced Community Quarantine* (ECQ) (Talahanayan 6). Makikita sa karton ang nakatingalang karakter sa nakapatay na ilaw at hugis virus na kable ng kuryente (Figyur 4). Mahihinuha rito na ang paglaganap ng *COVID-19* ay nakaapekto hindi lamang sa sektor ng kalusugan at edukasyon kundi maging sa mga usaping pang-enerhiya, isa na rito ang pagtaas ng singil sa kuryente.

Makikita naman sa wika at *semiotic strategy* ang ekspresyon ng mukha ng karakter ang katatawanang mensahe ng semyotika ng editoryal karton. Nanlaki ang mata ng karakter matapos maputulan ng kuryente sa panahong may *virus* na lumalaganap. Isinisimbolo ng pagtingala ng karakter sa ilaw ang hindi abot-kamay na bayarin na nakadaragdag sa paghihirap ng mga konsyumer. Dagdag pa nito, ang hugis *virus* na kable ng kuryente na may kapsyon sa gitna na "*Energy issues*" ay nagpapahiwatig na mas ginagawang komplikado ng *COVID-19* ang isyu sa enerhiya sa bansa dahil na rin sa ipinatupad na bagong patakaran sa pagbayad ang *fit-all rates* na bayarin sa kuryente na naging sanhi ng pagtaas ng bayarin sa kuryente. Ang nakatatawang ekspresyon ng mukha ng karakter ay pang-uuyam sa mga insensitibo at pabayang *electric distributors* sa bansa.

Ipinakita sa editoryal karton ang nakaaawang postura ng karakter at ang nakatatawang ekspresyon sa kanyang mukha ngunit ang totoong target nito ay ang *electric distributors* sa bansa sa kanilang insensitibong at pabayang pagpapatupad sa mga patakarang nagpahirap sa mga konsumedor sa panahong nakararanas ang bansa ng pandemya.

Ipinaaabot ng *cartoonist* ang lohikal na mekanismong kaugnay sa mataas na bayarin ng kuryente na hindi na abot-kamay ng mga karaniwang mamamayan sa bansa. Ang pagtingala ng karakter sa patay na ilaw ay sumisimbolo sa agwat ng


*© 2025, Western Philippines University*



Galley Proof

konsumedor at presyo ng bayarin sa kuryente. Kaugnay nito, ang kableng may hugis *COVID-19* ay mahihiwatigan na ang paglaganap nito ay nakaapekto sa paglala ng mga isyung pang-enerhiya sa bansa. Bilang pangkalahatan, mahihinuha sa editoryal karton na maraming konsyumer ang mahihirapan sa pagbabayad ng bayarin at ang iba ay tuluyan nang mapuputulan ng kuryente.

Namalas naman ang *script opposition* sa pagitan ng karaniwang konsumedor na inirerepresenta ng pigurang tao sa larawan at sa kanyang pagtingala sa nakapatay na ilaw na may kableng hugis *virus*. Ang kableng ito na iginuhit ayon sa hugis ng *virus* na *COVID-19* ay nagpapahiwatig na ang *virus* ay may malaking epekto sa bayarin ng kuryente. Kaya, mapapansin din ang karakter sa editoryal karton ay nakatingala sa ilaw dahil sinisimbolo nito ang agwat sa pagitan ng konsumedor at bayarin sa kuryente na siyang isyung pangkapaligirang masasalamin dito.

**Talahanayan 6.** Pagsusuri sa editoryal kartong "*Environment, energy issues linked to pandemic*" (*Analysis of the editorial cartoon* "*Environment, energy issues linked to pandemic*").

| Semiotic Features | Pagsusuri sa Editorya Karton |
|---|---|
| Sitwasyon | Mataas na bayarin sa kuryente sa unang mga buwan ng *Enhanced Community Quarantine* (ECQ) |
| Wika at *Semiotic Strategy* | Panlalaki ng mga mata ng karakter matapos maputulan ng kuryente, pagtingala ng karakter na sumisimbolo sa mataas na bayarin, hugis bayrus na kable |
| Target | *Electric distributors* sa bansa |
| Lohikal na Mekanismo | Pagtingala ng karakter sa nakapatay na ilaw na sumisimbolo sa agwat ng konsumedor at mataas na bayarin sa kuryente. Dagdag pa ang hugis virus na kable na nagpalala sa usapin ng enerhiya sa bansa |
| *Script Opposition* | Ang karaniwang konsumedor na kumakatawan sa maraming Pilipinong nahihirapan sa mataas na bayarin na pinalala pa ng pandemya na nagdulot sa pagtaas ng presyo ng kuryente |

**Pagsusuri sa Editoryal Karton 5: *Reforestation - Long-Range Answer to Massive Flooding***

Nakabatay ang sitwasyon ng editoryal karton na walang habas na pamumutol ng punongkahoy ng mga malalaking kompaya at industriya at sa pinsalang naidudulot ng pagsalanta ng mga bagyo sa bansa (Talahanayan 7; Figyur 5). Isa na rito ay ang Bagyong Ulysses na nagpalubog sa Lungsod ng Marikina at iba pang karatig lugar gaya ng Cagayan at Isabela.

Ang wika at *semiotic strategy* ay kapwa nagpapalutang sa mapang-uyam at nakatatawang mensahe ng editoryal karton na mapapansin sa karakter na kumakatawan sa gobyerno na sumusuntok sa hangin at sa ekspresyon ng mukha ng *illegal logger*. Mapapansin sa larawan na naubos na sa kakaputol ng *illegal logger* ang mga puno sa bundok. Tinatakpan ng kamay nito ang mukha ng gobyerno na nakikipagsuntukan sa hangin. Lutang na lutang na tila natatakpan ang paningin ng gobyerno at waring nakikipaglaban o gumagawa ng aksyon kahit hindi tukoy ang puno't dulo ng malalang pagbaha sa bansa. Maaari ring ipinapakahulugan nito na marami sa gobyerno ang nasusuhulan ng malalaking kompanya at industriyang nagpuputol ng mga punongkahoy. Dahil dito, nagkukunwari ang iilang taong-gobyerno na hindi nakikita ang ugat ng problema kaya hindi nabibigyan ng pangmatagalang solusyon ang isyu sa baha gaya na lamang ng pagsuntok sa hangin.

Bagamat direktang inuyam sa editoryal karton ang gobyerno dahil sa pagsuntok nito sa hangin na waring nasusuhulan, ang totoong target sa kartong ito ay ang mga malalaking kompanya at industriya sa bansa sa walang habas at iligal na pagputol ng mga puno na naging sanhi ng matinding pagbaha sa bansa.

Sa lohikal na mekanismo, ang pagpigil o pagtakip sa mukha ng *illegal logger* sa gobyerno ay di-lohikal. Inaasahan na ang gobyerno ang siyang pumipigil sa mga tiwali ngunit mamamalas sa editoryal karton na tila ang *illegal logger* ang pumipigil sa gobyerno.

Kapansin-pansin ang *script opposition* sa pagitan ng gobyerno at *illegal logger* sa editoryal karton. Makikita na payat ang karakter na kumakatawan sa gobyerno at may matabang pangangatawan naman ang sa *illegal logger* na representasyon ng mga malalaking kompanya at industriya sa bansa na nagsisiputol ng puno bagay na nagpapahiwatig na mas makapangyarihan o kontrolado ng *illegal logger* ang tao na mamamalas sa editoryal karton.

Galley Proof


*© 2025, Western Philippines University*

**Talahanayan 7.** Pagsusuri sa editoryal kartong "*Reforestation - Long-range Answer to Massive Flooding*" (*Analysis of the editorial cartoon* "*Reforestation - Long-range Answer to Massive Flooding*").

| Semiotic Features | Pagsusuri sa Editorya Karton |
|---|---|
| Sitwasyon | Walang habas na pagputol ng punongkahoy at ang pinsalang dulot ng Bagyong Ulysses na nagpalubog sa lungsod ng Marikina at mga karatig lugar gaya ng Cagayan at Isabela |
| Wika at *Semiotic Strategy* | Ipinalulutang ang mapang-uyam at nakatatawang mensahe sa karakter na sumusuntok sa hangin at sa ekspresyon sa mukha ng *illegal logger* |
| Target | Gobyernong nasusuhulan ng malalaking kompanya at industriyang walang habas sa pagputol ng mga puno |
| Lohikal na Mekanismo | Ang pagpigil o pagtakip ng *illegal logger* sa mukha ng karakter na kumakatawan sa gobeyrno |
| *Script Opposition* | Payat na pangangatawan ng karakter na kumakatawan sa gobyerno at matabang pangangatawan ng *illegal logger* na representasyon ng malalaking kompanya at industriya sa bansa na nagsiputol ng mga puno |

## PAGTATALAKAY

Ipinakikita sa editoryal kartong *Welcome, Baguio City* ang isyung pangkapaligiran kaugnay sa paglaganap ng *COVID-19* pandemya na masasalamin sa target sa pamamagitan ng semyotika at biswal na mga kagamitang makikita sa editoryal karton. Mapapansin dito ang guhit ng *virus* na nakapalibot sa *banner* na may kapsyong "*Welcome to Cebu City*." Ang banta ng *virus* ay higit na mapanganib sa mga bisitang papasok sa lungsod. Makikita rin ang tatlong tao na batay sa pagkaguguhit ng kanilang imahen at postura ay nagpapahiwatig na sila ay eksperto sa pasugpo ng virus na lumalaganap sa lungsod. Ang bagong tuklas na *β-coronavirus* ay pinangalanang *2019-novel coronavirus* na pinaniniwalaang unang kumalat sa Wuhan, China, noong Disyembre 2019. Noong Pebrero 2020, ang *2019-novel coronavirus* ay opisyal na pinangalanan ng World Health Organization (WHO) na kilala ring *COVID-19* (Guo et al. 2020). Binanggit sa artikulo ng ABS-CBN News na ang Lungsod ng Cebu ang may pinakamaraming kumpirmadong kaso ng *COVID-19* sa bansa (Ganibe 2020). Dagdag pa nito, anim na lugar sa bansa ang binabantayan ng Department of Health (DOH) dahil sa patuloy na pagtaas ng kaso ng *COVID-19* kabilang na ang Manila at Quezon City, Cebu Province, Cebu City, Mandaue at Lapu-Lapu City (de Guzman 2020). Ang mataas na kaso ng *COVID-19* sa Lungsod ng Cebu ang naghimok sa *Local Government Unit (LGU)* ng Baguio upang tumulong sa pamamagitan ng pagbabahagi ng kanilang kaalaman at kasanayan upang maiwasan ang paglaganap ng pandemya. Gayunpaman, mapapansin din sa editoryal karton na ang *team* mula sa Baguio City ay hindi nakasuot ng *personal protective equipment* (PPE) gaya ng *face mask, face shield,* at iba pa na maaaring magdulot sa kanila ng panganib at dumagdag pa sa lumulubong bilang ng mga taong may *COVID-19* sa bansa. Mahihinuha na hindi naging handa ang *team* Baguio City sa kanilang pagbisita sa Lungsod ng Cebu batay sa guhit na nasa editoryal karton. Mas magiging mainam kung ang pagbabahaginan ng impormasyon at kaalaman ay isinagawa sa pamamagitan ng *online meeting* gamit ang mga aplikasyong onlayn gaya ng *Zoom*, *Google Meet* at iba pa upang hindi mailagay sa panganib ang kalusugan ng *team* mula sa Baguio City.

Isinasalamin ng editoryal kartong *Government nurses finally get nurses long delayed pay increase* ang isyu ng mababang pasahod ng mga nars sa kabila ng hirap na kanilang dinaranas sa pagsugpo sa *COVID-19* na maituturing na kabahagi ng isyung panlipunan. Ang *semiotic devices* at biswal na metapora ay nakatulong sa pagpapaabot ng ideya ng *cartoonist* ukol sa isyu. Iginiit pa nga ng Filipino Nurses United (FNU) na matagal na panahon na silang nagbibigay ng serbisyo sa bayan kahit katumbas nito ay ang mababang sahod at 'di makataong kondisyon ng kanilang trabaho (Nishimori 2020). Sa kabila ng mahalagang papel at di-matatawarang kontribusyon ng mga nars sa larangan ng kalusugan, nananatili pa ring mababa ang suporta sa kanila. Ang tinatayang sahod ng isang rehistradong nars sa Pilipinas ay PHP 36,000 kada buwan sa taong 2024. Ang mga nagsisimulang nars ay may mas mababang sahod ngunit karaniwang nakatatanggap ng dagdag sahod alinsunod sa kanilang natatanggap na promosyon at karanasan (Senate Bill No. 2694 2024). Samantala, ang renumerasyon ng mga *staff nurse* sa Singapore ay iba-iba batay sa antas ng karanasan, espesyalisasyon, at ang kompleksidad ng tungkulin. Sa pangkalahatan, ang isang *staff nurse* ay sumasahod ng humigit-kumulang na SGD 7,100 kada buwan (aabot ng PHP 310,445 ayon sa Oanda Fx Data Services nd). Ngunit, maaari itong magsimula sa SGD 2,084 at umaabot hanggang SGD 6,900 kada buwan (Dynamic Health Staff nd). Sa madaling salita, ang sahod ng *staff nurse* sa Singapore ay aabot ng PHP 91,122.30 hanggang PHP 301,700.00 kada buwan (Oanda Fx Data Services nd). Sa Tsina naman, ang isang rehistradong nars ay karaniwang kumikita ng CNY 279,400 bawat taon o PHP 2,269,999 (ayon sa conversion rate ng Oanda Fx Data Services nd), maaaring umabot sa pinakamababa na average na sahod na CNY 137,400 hanggang sa


*© 2025, Western Philippines University*



Galley Proof

pinakamataas na average na CNY 437, 300 at may kasama rin na mga benepisyo tulad ng tahanan at transportasyon (World Salaries nd). Nangangahulugan ito na ang mga nars sa Tsina ay kumikita ng PHP 1,116,313 hanggang PHP 3,552,866 bawat taon (Oanda Fx Data Services nd). Isinisiwalat nito hindi lamang ang isyu ng paglaganap ng COVID-19 maging ang isyung panlipunang kinaharap ng mga nars at sektor ng kalusugan kaugnay sa dami at bigat ng trabaho at mababang kompensasyon. Maaari rin itong magdulot ng *braindrain* dulot ng mabababang sahod, kakulangan ng mga nars na mangangalaga sa maysakit, at *overworked* at *stressed* na mga nars na magdudulot pagbaba ng kalidad ng serbisyong pangkalusugan.

Malinaw namang ipinalutang sa editoryal karton na *Telling vs showing* ang isyu sa pagtugon ng Lungsod ng Cebu laban sa *COVID-19* at sa pagtupad ng ibang proyekto tulad ng *flood control*, *sanitation*, at iba pa. Mapapansing ang berbal at di-berbal na aspekto ng karton ay nagkakaisa sa pagpapahayag ng mensahe ng *cartoonist.* Nakikipag-interak ang semyotika sa *script* nito upang maihayag ang kabuoang mensahe. Ang suot na barong, postura, salamin, hugis ng mukha at ayos ng buhok ay direktang tumutukoy sa mayor ng Lungsod ng Cebu habang ang mga kapsyon na nasa itaas ng kanyang ulo ay representasyon ng mga pangakong proyekto. Kinapapalooban ito ng dalawang eksenang nagtutunggalian ang konsepto. Ang unang eksena, ang pagtatalumpati at pagbitiw ng mga salitang ipinangako sa kanyang pangangampanya habang ang ikalawang eksena naman ay ang pagkarga ng mayor sa mga naipangakong proyekto gamit ang kartilya na sumisimbolo sa pagpapatupad ng mga proyektong ito. Naglalaban ang konsepto ng pagbitiw at pagtupad sa mga pangako. Binanggit nga ni Alquitran (2018) na noon pa man ay uso na ang pangako ng mga politiko at kalimitan ay puro hangin lamang. Idinagdag pa niya na buwenas lamang kung may isang natupad sa sampung pangako ng mga politiko. Ayon kay Piquero (2024), ang naantala at hindi pa natatapos na mga proyekto ay naging pangunahing suliranin sa Lungsod ng Cebu katulad ng pagkaantala ng Cebu City Medical Center (CCMC). Ang CCMC na nasa yugto pa ng construction na umabot na ng siyam na taon at may kaukulang dalawang bilyong pisong pondo nagagasta ay hindi pa rin natatapos at tanging ang tatlong palapag pa lamang ang ganap na operasyonal. Mahihinuha sa editoryal karton ang pang-uuyam na kadalasang ipinapangako ng mga politiko sa panahon ng pangangampanya ay kadalasang napapako sakaling sila na ang ibinoto at nakaupo sa posisyong kanilang pinangarap.

Tinalakay sa editoryal kartong *Environment, energy issues linked to pandemic* ang isyu sa enerhiya sa bansa na mas lalong pinalala ng pandemya. Mapapansin na ang semyotika, berbal man o di-berbal ay tumutugma sa usaping umiiral sa karton. Dalawang pigura ang makikita rito, ang pigura ng lalaking nakaupo habang nakatingala sa nakapatay na ilaw at ang kableng hugis *virus* na hindi nakasaksak. Ang mga *semiotic features* na ito ay tumutugma at maiuugnay sa mensaheng nais maihatid ng *cartoonist* ukol sa isyu ng enerhiya sa bansa. Mahihinuha rin sa mga representasyong ito na may agwat ang tao sa presyo ng bayarin ng kuryente ayon sa mga biswal na representasyon. Ang agwat na ito ay bunga ng pagpapatupad ng *fit-all rates* na bayarin sa lahat ng mga konsyumer ng kuryente. Samantala, ang hugis *virus* na kable ng kuryente ay sumisimbolo sa epekto ng *COVID-19* sa pagtaas ng presyo ng kuryente. Ang nakatatawang paglaki ng mga mata bilang ekspresyon ng karakter sa editoryal karton ay paraan sa pang-uuyam sa mga *electric distributor* sa kanilang insensitibo at pabayang pagpapatupad ng polisiyang *fit-all rates* na bayarin sa kuryente. Binanggit sa Manila Bulletin (2020) na ang pandemya ay nagdulot ng maraming suliranin na nakaapekto hindi lamang sa sektor ng kalusugan kung 'di maging sa iba pang aspekto ng nasyonal na buhay. Dagdag pa nito, nagkaroon ng problema sa mataas na bayarin sa kuryente sa unang mga buwan ng *Enhanced Community Quarantine* (ECQ). Sa pananaliksik ni Lagunsad (2020) binanggit niya na noong 16 Marso 2020 ang mga lider ng bansa ay nagdesisyon na isailalim sa *ECQ* ang buong Metro Manila bilang pagtugon sa banta ng *COVID-19.* Sa ilalim nito, ipinatupad ang mahigpit na polisiya at pagpapatupad ng mga panuntunan sa lahat ng *Local Government Unit* (LGU) kabilang na ang pagbabawal sa paglabas ng bahay maliban lamang kung may bibilhing pangangailangan gaya ng pagkain at gamot dala ang kanilang *quarantine pass*, suot ang *face mask*, at pag-obserba sa *social distancing*. Ipinagbabawal din ang *movement o* paggalaw anuman ang edad o kalagayang pangkalusugan, minimal lang ang aktibidad sa ekonomiya maliban sa *utility services* (pagkain, kuryente, tubig, at iba pa) at kritikal na sektor ng ekonomiya, walang pisikal na klase, ang pag-eehersisyo sa labas ng bahay, mga pagtitipon, pamamasada at pagsakay sa pampublikong transportasyon, *domestic flights* at limitadong *international flights* (PhilStar 2020). Inihahayag lamang nito na tila may ugnayan ang pandemya sa sanga-sangang kinakaharap na suliranin ng bansa na mas lalong nagpapalala nito. Sa isang advisory, ipinaalam ng Manila Electric Company (MERALCO) ang pagtaas ng electricity rate ng PHP 0.1543 per kilowatt-hour (kWh) na dumagdag sa kabuoang rate ng isang household sa PHP 11.7882 per kWh sa Setyembre 2024 mula sa PHP 11.6339 per kWh sa Agosto 2024 (Cordero 2024). Sa Tsina, sa nakalipas na ilang taon, bahagyang tumaas ang average industrial power rate na umabot sa humigit-kumulang USD 0.088 per kWh (o may katumbas na PHP


*© 2025, Western Philippines University*

5.17917 batay sa Oanda Fx Data Services nd) sa 2024 mula sa USD 0.084 per kWh (o PHP 4.94375 batay sa Oanda Fx Data Services nd) noong 2019 (Xiao at Zhou 2024). Sa Thailand naman, ang presyo ng kuryente para sa residential ay nagkakahalaga ng THB 4.293 per kWh o USD 0.127 (o PHP 7.47448 ayon sa Oanda Fx Data Services nd). Umaabot naman sa THB 4.300 o USD 0.128 (o PHP 7.53334 ayon sa Oanda Fx Data Services nd) ang presyo ng kuryente para sa mga negosyo. Ipinatupad ang presyong ito noong March 2024 kasama na rito ang cost of power, distribusyon, transmisyon, buwis at iba pang mga bayarin (GlobalPetrolPrices.com nd). Ang pagkakaroon ng mataas na bayarin sa kuryente ay maaaring magkaroon ng epekto sa mahihirap na pamilya gaya ng limitadong access sa kuryente, pagiging hadlang sa kalidad na edukasyon at mga ekonomikong oportunidad, pagtaas ng panganib sa sunog, pagtaas ng gastusin sa enerhiya na nagiging hadlang sa pag-unlad ng maliliit na negosyo. Nakaaapekto rin ito sa pisikal at mental na kalusugan ng mga tao na nagpapababa sa kalidad ng buhay at nagpapalawak sa siklo ng kahirapang nararanasan.

Tinalakay sa editoryal kartong *Reforestation - long-range answer to massive flooding* ang isyung pangkalikasan ukol sa walang habas na pagputol ng mga punong kahoy na naging sanhi sa matinding pagbaha sa bansa. Malinaw ang nakatatawang mensaheng makikita sa ekspresyon sa mukha ng matabang *illegal logger* na representasyon ng mga kompanya at industriyang nagpuputol ng mga kahoy habang pinipigilan ang payat na lalaking kumakatawan sa gobyerno na sumusuntok sa hangin. Ipinapahiwatig nito na tila nagbubulag-bulagan ang gobyerno o nasusuhulan kaya tila hindi nila nakikita ang tunay na dahilan ng matinding pagbaha sa bansa. Sa ulat ng ABS-CBN News, inamin ng Gobernador ng Cagayan na ang dahilan ng matinding pagbaha sa kanilang lugar ay dulot ng pagkakalbo ng kagubatan at *illegal mining* sa kanilang lugar (Ochona 2020). Kaugnay nito, isinisisi ng mga *peasant group* ang pagbaha sa Cagayan at Isabela matapos ang paghagupit ng Bagyong Ulysses sa talamak na pagmimina ng *black sand* at iligal na pagputol ng mga puno (Journal Online 2020). Inihahayag lamang nito na bagamat mayroong pandemya ang bansa, patuloy pa rin ang iligal na mga gawain na nakapipinsala sa kalikasan na nagiging mitya ng pagbaha at iba pang pinsala dulot ng natural na kalamidad kung kaya nararapat itong pagtuonan ng pansin ng kinauukulan. Ayon sa Global Forest Watch (nd), mula sa taong 2002 hanggang 2023, nabawasan ang Pilipinas ng 190,000 ha ng pangunahing kagubatan *(humid primary forest)* sumasakop ito sa kabuoang 13% ng mga nawalang puno sa kaparehong panahon. Bumaba ng 4.1% ang kabuoang erya ng pangunahing kagubatan sa Pilipinas sa mga panahong ito. Ang *deforestation* sa Pilipinas ay nagdudulot ng iba't ibang usaping pangkapaligiran at panlipunan. Ang pagkasira ng kagubatan ay maaaring maging sanhi ng *soil erosion, landslide*, at pagkaubos ng mapagkukuhanan ng tubig. Maaari ring magkaroon ng sosyal impak ang *deforestation* sapagkat madalas itong humahantong sa *displacement* ng mga lokal na komunidad at paglaho ng mga tradisyonal na kabuhayan (Salas 2023).

Sa isinagawang pagsusuri sa piling editoryal karton mahihinuha sa semyotika nito ang mga lantad na pagpapahiwatig sa diskursong pangkalikasan at ang mga usaping pangkalikasan at panlipunang umiiral gaya ng pagtaas ng impkesyong dulot ng *COVID-19* pandemya, pagtaas ng sahod ng mga nars sa Pilipinas, maayos na pagpapatupad ng mga proyekto ng gobyerno, mataas na bayarin ng kuryente sa panahon ng pandemya, at ang walang habas na pagputol ng mga puno ng *illegal loggers*. Nakatulong naman ang mga guhit, karakter, at mga ekspresyon ng mukha sa pagbibigay-diin sa mga di-lantad na pagpapahiwatig sa pagpapaabot ng mensahe ng piling editoryal karton. Mahihinuha sa editoryal karton na ang *team* mula sa Baguio City bagaman kakikitaan ang mga karakter ng pagiging eksperto at may kaalaman sa pagsugpo sa *COVID-19* pandemya, ang hindi nila pagsusuot ng *personal protective equipment (PPE)* ay indikasyon ng kanilang hindi pagiging handa sa pagbisita sa Lungsod ng Cebu na maaaring magdulot sa kanila ng panganib na mahawaan ng *virus*. Mas magiging ligtas at praktikal ang pagsasagawa ng *online meeting* sa pagbabahaginan ng impormasyon hinggil sa pagsugpo sa *COVID-19* gamit ang mga aplikasyong onlayn gaya ng *Zoom*, *Google Meet*, at iba pa. Makikita naman ang guhit na karakter ng isang nars na may punit-punit na uniporme at ang brasong nakasuot na barong na may hawak na pera na nagpapahiwatig sa masaklap na kalagayan ng mga nars sa bansa sa panahon ng pandemya at ang panawagan sa pagtataas ng pasahod ng mga nars. Makikita naman sa isa pang editoryal karton ang dalawang larawan - pagbitiw ng pangako at ang pagpapatupad ng pangako. Mahihinuha rito ang sitwasyon na sa panahon ng eleksyon ay napakaraming magagandang proyekto ipinapangako ngunit kung nasa puwesto na ay tila nakalilimutan na ang kanilang naipangako sa taumbayan. Samantala, ang guhit na kuryenteng hugis virus at taong nakatingala sa ilaw ay nagpapahiwatig sa mataas na bayarin ng kuryente sa panahon ng pandemya at tila hindi na maabot ng mga konsumedor ang bayarin. Panghuli, malinaw ang nakatatawang mensaheng makikita sa ekspresyon sa mukha ng matabang *illegal logger* na representasyon ng mga kompanya at industriyang nagpuputol ng mga kahoy habang pinipigilan ang payat na lalaking kumakatawan sa gobyerno na sumusuntok sa hangin. Ipinapahiwatig nito na tila nagbubulag-bulagan ang gobyerno o nasusuhulan kaya tila hindi nila nakikita ang tunay na dahilan ng matinding pagbaha sa bansa. Ang mga lantad at di-lantad na pagpapahiwatig na ito ay kapwa


*© 2025, Western Philippines University*

nakatulong sa pagbibigay-diin sa mensaheng ipinapaabot ng mga editoryal karton. Sa pamamagitan ng mga nakatatawang ekspresyon, panunudyo, at pang-uuyam, naiengganyo ang mga mambabasa na makilahok sa mga usaping isinisiwalat ng mga editoryal karton at nagmumulat sa kanilang kamalayan hinggil sa mga usaping umiiral lalo na sa mga usaping pangkalikasan at panlipunan sa panahon ng paglaganap ng *COVID-19* pandemya kabilang na rin ang usapin sa mataas na bayarin sa kuryente, pagpapatupad ng mga naipangakong proyekto, *salary increase* ng mga nars, at ang iligal na pagputol ng mga punongkahoy.

Sa pangkalahatan, natuklasan sa pag-aaral na ang mga nangungunang diskursong ekolohikal na nasipat sa piling editoryal karton ay may kaugnayan sa *COVID-19* pandemya at ng iligal na pagputol ng mga puno na naging sanhi ng pagbaha sa bansa. Ang pandemya ay nagsiwalat sa iba pang mga isyung panlipunang kinakaharap ng bansa gaya ng mataas na bayarin sa kuryente. Natuklasan din na ang *linguistic*, *semiotic* at *visual tools*, at iba pang aspektong berbal at di-berbal ay nakatutulong sa paghahatid sa mensaheng nais ipabatid ng *cartoonist*. Ang nakatatawang mensahe ng editoryal karton ay naipahihiwatig sa pamamagitan ng pang-uuyam sa gobyerno, sa mga kompanya at industriyang namumutol ng kahoy sa pamamagitan ng ekspresyon ng mukha ng mga karakter. Maiuugnay ito sa *Semantic Script theory* na ibinabatay ang argumento ng editoryal karton sa nakatatawang diskurso kaugnay sa usaping tinatalakay nito. Bilang karagdagan, isinasaad din ng teoryang *Visual Metaphor* na isinisiwalat ng mga karton ang kritikal na perspektiba hinggil sa usaping danas ng lipunan. Pinatutunayan nito na ang paggamit ng pang-uuyam at nakatatawang ekspresyon sa mukha ay isang mabisang kasangkapan sa pagpapalutang ng diskursong pangkapaligiran at isyung pangkalikasang nararanasan ng bansa sa panahon ng *COVID-19*. Mula sa mga natuklasan, naisakongklusyon na ang *semiotic features* sa piling editoryal karton gaya ng mga nakasulat na teksto, guhit, ekspresyon ng mukha at iba pa ay isang mabisang kasangkapan sa pagkikipag-ugnayan sa mga napapanahong isyung pangkalikasan at mga usaping panlipunang nauugnay sa pandemya. Ang mapang-uyam at nakatatawang estilo ng pagkabuo ng mga editoryal karton ay nakatulong sa pagbibigay-diin sa napapanahong isyu at nakakukuha ng atensyon upang maging mulat at malay ang mga mamamayan sa usaping pangkalikasan at sa sanga-sangang usaping panlipunang naidulot ng *COVID-19* pandemya.

Iminungkahi ng mananaliksik ang mas malawakang pag-aaral sa mga editoryal karton kabilang na ang iba pang mga rehiyonal na pahayagan upang magkaroon ng representasyon ang bawat rehiyon sa bansa. Ang pagpapalawak sa pag-aaral ay makatutulong upang mailahok ang pangkalahatang diskursong pangkapaligiran at isyung pangkalikasan sa pagsipat sa aktuwal na kalagayan ng kapaligiran sa bawat panig ng bansa. Bigyang-diin ang pagtuturo sa pagpapahalaga sa kalikasan sa lahat ng antas ng pag-aaral upang makalinang ng mga mag-aaral na hindi lamang handa para sa karera ng buhay kung hindi bilang mga tagapangalaga ng kalikasan at may pagkiling sa preserbasyon at pagpapanatili nito. Iminumungkahi rin sa mga manananaliksik sa hinaharap na magsagawa ng mga pag-aaral gamit ang *eco-critical discourse analysis*, *ecolinguistics*, *green studies* at iba pang lapit na nagbibigay-diin sa kahalagahan ng pagsipat sa kalikasan at iba pang usaping magpapatibay sa pagsusulong sa pangangalaga at preserbasyon ng kalikasan.

## PINANGGALINGAN NG PONDO

Hindi nakatanggap ng pondo ang pag-aaral sa anumang mga ahensiya o institusyon.

## ETIKAL NA KONSIDERASYON

Sumulat ang mananaliksik kay G. Roni Santiago, *Editor of the Comics Department* ng Manila Bulletin at kay Dr. Nestor B. Ramirez, *Executive Publisher* ng Sunstar upang humingi ng pahintulot na magamit ang mga editoryal kartong kanilang inilathala at maisama sa paglalathala sa kasalukuyang pag-aaral. Pinaunlakan at nagbigay ng permiso sina G. Roni Santiago at Dr. Nestor B. Ramirez na muling mailathala ang mga editoryal karton sa pamamagitan ng paglagda sa isinulat na liham pahintulot ng mananaliksik. Tiniyak din ng mananaliksik na mabigyan ng karampatang pagkilala ang lahat ng mga sangguniang sinangguni ng kasalukuyang pag-aaral.

## PAGKILALA

Pinasasalamatan ng mananaliksik ang Manila Bulletin, Sunstar, G. Roni Santiago, at Dr. Nestor B. Ramirez sa pagbibigay ng permiso na maisama sa pag-aaral ang nailathala nilang editoryal karton at muli itong mailathala sa kasalukuyang pag-aaral. Lubos din ang pasasalamat ng mananaliksik sa mga mahuhusay na *cartoonists* na sina Roni Santiago at Enrico Santisas, sa paglathala ng kanilang mga editoryal karton online mula Hulyo hanggang Nobyembre 2020. Ang limang napiling editoryal karton na naging batayan ng pagsusuri ay ang mga sumusunod: *Welcome*, *Baguio City*, *Government nurse finally get nurses long-delayed pay increases*, *Telling vs. showing*, *Environment*, *energy issues linked to pandemic*, at *Reforestation – long-range answer to massive flooding*. Taos-pusong pasasalamat

Galley Proof


*© 2025, Western Philippines University*

din ang ipinapaabot ng mananaliksik sa mga tagasuri at rebyuwer na nagbahagi ng kanilang husay at dunong upang mapabuti pa lalo ang pag-aaral na ito.

## CONFLICT OF INTEREST

Ang may-akda ng pag-aaral na ito ay nagdeklara nang walang anumang *conflict of interest* sa ibang may-akda.

## MGA SANGGUNIAN


Adedun E, Haugen E and Halliday M. 2017. Ecolinguistic Resonances: A Critical Discourse Analysis of Selected Nigerian Newspaper Editorials. https://www.semanticscholar.org/paper/ECOLINGUISTIC-RESONANCES%3A-A-CRITICAL-DISCOURSE-OF-Adedun-Haugen/e4a2f6369edeeb6a15c0eade8dc0f829e8a5dbf9. Accessed on 17 May 2021.

Ahmed AH and Ali SF. 2022. Semiotic and Critical Discourse Analysis of the Editorial Caricatures on Covid-19 Vaccine. Journal of Tikrit University for Humanities, 29(9): 1-17. https://doi.org/10.25130/jtuh.29.9.1.2022.25

Alabi OS. 2020. Crisis Communication and Coping Strategies during COVID-19 Pandemic: A Content Analysis of Coronavirus Cartoons and Comics (CCC). https://dx.doi.org/10.2139/ssrn.3794390

Alquitran N. 2018. Mga pangakong napapako tuwing election! Philstar. https://www.philstar.com/pang-masa/punto-mo/2018/10/22/1862101/mga-pangakong-napapako-tuwing-election. Accessed on 15 May 2021.

Bantugan B. 2020. Public Opinion on the Duterte Administration's COVID-19 Period Through Editorial Cartoons on Facebook. Asian Journal for Public Opinion Research, 8(4): 409–431. https://doi.org/10.15206/ajpor.2020.8.4.409

Chandler D. 2011. Semiotics for Beginners. http://visual-memory.co.uk/daniel//Documents/S4B/sem02.html. Accessed on 03 July 2024.

Cordero T. 2024. Meralco hikes electricity rate anew in September 2024. https://www.gmanetwork.com/news/money/economy/920064/meralco-hikes-electricity-rate-anew-in-september-2024/story/#:~:text=In%20an%20advisory%2C%20Meralco%20announced,6339%20per%20kWh%20in%20August. Accessed on 05 October 2024.

Dash RK. 2019. What is Ecolinguistics?. Language in India, 19(5): 379-384.

Discourse Analyzer. 2024. Methodologies of Ecocriticism in Discourse Analysis. https://discourseanalyzer.com/methodologies-of-ecocriticism-in-discourse-analysis/. Accessed on 01 July 2024.

de Guzman R. 2020. 6 lugar na may mataas na kaso ng COVID-19, patuloy na binabantayan – DOH. UNTV News & Rescue. https://www.untvweb.com/news/6-lugar-na-may-mataas-na-kaso-ng-covid-19-patuloy-na-binabantayan-doh/. Accessed on 15 May 2021.

Dynamic Health Staff. nd. Staff Nurse Salary in Singapore. https://www.dynamichealthstaff.com/staff-nurse-salary-in-singapore. Accessed on 04 November 2024.

El-Hameed AOA. 2016. Towards an Ecolinguistic Approach to Egyptian Cartoons: An Ecocritical Discourse Analysis. https://www.semanticscholar.org/paper/Towards-an-Ecolinguistic-Approach-to-Egyptian-El-Hameed/1c3231bf726547758893b2afa959b7a5235a8a9d. Accessed on 15 May 2021.

Freeden M, Sargeant T and Stears M. (eds). 2013. The Oxford Handbook of Political Ideologies. Oxford University Press. https://doi.org/10.1093/oxfordhb/9780199585977.001.0001

Ganibe D. 2020. Cebu City, nanguna na sa may pinakamaraming kaso ng COVID-19 sa Pilipinas. ABS-CBN News. https://news.abs-cbn.com/amp/news/06/12/20/cebu-city-nanguna-na-sa-may-pinakamaraming-kaso-ng-covid-19-sa-pilipinas. Accessed on 17 May 2021.

Gil MM. 2018. The Victim or the Cause? A Multimodal Critical Discourse Analysis of Cartoons Depicting PSOE's Internal Political Crisis. https://www.researchgate.net/publication/327559157. Accessed on 14 May 2021.

Global Forest Watch. nd. Philippines. https://www.globalforestwatch.org/dashboards/country/PHL/?category=forest-change. Accessed on 05 November 2024.

GlobalPetrolPrices.com. nd. Thailand Electricity Prices. https://www.globalpetrolprices.com/Thailand/electricity_prices/. Accessed on 05 November 2024.

Guo Y, Cao Q, Hong Z, Tan Y, Chen S, Jin H, Tan K, Wang D and Yan Y. 2020. The origin, transmission and clinical therapies on coronavirus disease 2019 (COVID-19) outbreak – an update on the status. Military Medical Research, 7: 11. https://doi.org/10.1186/s40779-020-00240-0

Haig E. 2001. A Study of the Application of Critical Discourse Analysis to Ecolinguistics and the Teaching of Eco-Literacy. https://www.researchgate.net/publication/37501017_A_Study_of_the_Application_of_Critical_Discourse_Analysis_to_Ecolinguistics_and_the_Teaching_of_Eco-Literacy. Accessed on 17 May 2021.

Journal Online. 2020. Sanhi ng baha sa Cagayan, Isabela. https://journal.com.ph/sanhi-ng-baha-sa-cagayan-isabela-pinapasilip/. Accessed on 04 November 2024.

Lagunsad RIL. 2020. Pagdanhay at pagtunghay ng mga naratibong danas dulot ng COVID-19 sa Lipunang Pilipino: Ang bagong kahimtang. International Journal of Research Studies in Education, 9(8): 35-44. https://doi.org/10.5861/ijrse.2020.5905

Manila Bulletin. 2020. Environment, energy issues linked to pandemic. https://mb.com.ph/2020/08/09/environment-energy-issues-linked-to-pandemic/. Accessed on 15 May 2021.

Mansyur SA, Lukmana I, Isnendes R and Gunawan W. 2021. Eco-critical Discourse Analysis of the Indonesian President's Statement at the 21st Conference of the Parties in Paris. Journal of Research and Innovation in Language, 3(2): 105-114. https://doi.org/10.31849/reila.v3i2.6285

Mazid BE. 2008. Cowboy and Misanthrope: A Critical Discourse Analysis of Bush and Binladen Cartoons. Discourse and Communications. Sage Publications, 2(4): 433-457. https://doi.org/10.1177/1750481308095939

Mendoza RC. 2016. Semiotic Concepts of Editorial Cartoons. International Journal of Novel Research in Education and Learning, 3(1): 35-45.

Negro I. 2017. The Role of Visual Metaphor in Visual Genres. Epic Series in Language and Linguistics, 2: 199-126. http://dx.doi.org/10.29007/ncq2

Nishimori AN. 2020. Nakabubuhay na sahod at seguridad sa trabaho, giit ng grupo ng mga nurse. ABS-CBN News. https://news.abs-cbn.com/news/08/22/20/nakabubuhay-na-sahod-at-seguridad-sa-trabaho--giit-ng-grupo-ng-mga-nurse. Accessed on 16 May 2021.

Oanda Fx Data Services. nd. Currency Converter. https://www.oanda.com/currency-converter/en/?from=USD&to=PHP&amount=0.128. Accessed on 25 November 2024.


Galley Proof


*© 2025, Western Philippines University*

Ochona Z. 2020. Dahilan ng pgbaha sa Cagayan, inisa-isa ng NIA, NDRRMC. ABS-CBN News. https://news.abs-cbn.com/amp/news/11/24/20/dahilan-ng-pagbaha-sa-cagayan-inisa-isa-ng-nia-ndrrmc. Accessed on 16 May 2021.

Oluremi TA. 2019. Pragmeme of Political Humour in Selected Nigerian Political Cartoons. Journal of Language and Education, 5(4): 66-80. https://doi.org/10.17323/jle.2019.9682

Onyema EM, Eucheria NC, Obafemi FA, Sen S, Atonye FG and Sharma A. 2020. Impact of Coronavirus Pandemic on Education. Journal of Education and Practice, 11(13): 108-121. https://doi.org/10.7176/JEP/11-13-12

PhilStar. 2020. What is modified, enhanced, general quarantine? Here's how to tell the difference. https://www.philstar.com/headlines/2020/05/12/2013519/what-modified-enhanced-general-quarantine-heres-how-tell-difference. Accessed on 11 April 2024.

Pinto JJ and Mustaffa F. 2023. Faizati's Editorial Cartoons: A Semiotic Analysis.Proceedings of the 3rd International Conference on Creative Multimedia 2023 (ICCM 2023). Advances in Social Science, Education and Humanities Research, 2012-1019. https://doi.org/10.2991/978-2-38476-138-8_20

Piquero P. 2024. CCMC Still Unfinished After Nearly a Decade, 2B Expenditure. Cebu Daily News. https://cebudailynews.inquirer.net/580975/ccmc-still-unfinished-after-nearly-a-decade-p2b-expenditure. Accessed on 04 November 2024.

Salas EAL. 2023. What's the condition of deforestation in the Philippines?.https://eric-salas.com/2023/02/21/582/whats-the-condition-of-deforestation-in-the-philippines/. Accessed on 05 November 2024.

Santiago R. 2020a. Environment, energy issues linked to pandemic. Manila Bulletin. https://mb.com.ph/2020/08/09/environment-energy-issues-linked-to-pandemic/. Accessed on 09 April 2021.

Santiago R. 2020b. Gov't nurses finally get nurses long-delayed pay increases. Manila Bulletin. https://mb.com.ph/2020/07/21/govt-nurses-finally-get-nurses-long-delayed-pay-increases/. Accessed on 09 April 2021.

Santiago R. 2020c. Reforestation – long-range answer to massive flooding. Manila Bulletin. https://mb.com.ph/2020/11/19/reforestation-long-range-answer-to-massive-flooding/. Accessed on 09 April 2021.

Santisas E. 2020a. Telling vs. showing. Sunstar. https://www.sunstar.com.ph/article/1864593/Cebu/Opinion/Editorial-Telling-vs-showing. Accessed on 09 April 2021.

Santisas E. 2020b. Welcome, Baguio City. Sunstar. https://www.sunstar.com.ph/article/1862968/Cebu/Opinion/Editorial-Welcome-Baguio-City. Accessed on 09 April 2021.

Senate Bill No. 2694. 2024. An Act Upgrading the Minimum Salary Grade Level of Nurses from Salary Grade 15 to 19, Amending sec. 32 of Republic Act no. 9173, Otherwise Known as the "The Philippine Nursing Act of 2002". https://legacy.senate.gov.ph/lisdata/4414840131!.pdf. Accessed on 04 November 2024.

Sign Salad. nd. What is Semiotics?. https://signsalad.com/our-thoughts/what-is-semiotics/. Accessed on 03 July 2024.

Stibbe A. 2015a. Ecolinguistics: Language, Ecology and Stories that We Live By (1st Ed). Routledge. http://dx.doi.org/10.4324/9780367855512

Stibbe A. 2015b. Ecolinguistic Discourse Analysis. The International Encyclopedia of Language and Social Interaction, 1-5. https://doi.org/10.1002/9781118611463.wbielsi013

Van Dijk TA. 2001. Critical discourse analysis. In Tannen D, Schiffrin D and Hamilton H (eds). Handbook of discourse analysis. Oxford: Blackwell, pp. 352-371.

World Health Organization. 2020. Coronavirus disease 2019 (COVID-19) Situation Report - 51. World Health Organization. https://www.who.int/docs/default-source/coronaviruse/situation-reports/20200311-sitrep-51-covid-19.pdf?sfvrsn=1ba62e57_10. Accessed on 04 November 2024.

World Salaries. nd. Average Registered Nurse Salary in China for 2024. https://worldsalaries.com/average-registered-nurse-salary-in-china/. Accessed on 04 November 2024.

Xiao T and Zhou Q. 2024. China's Industrial Power Rates: A Guide for Investors. https://www.china-briefing.com/news/chinas-industrial-power-rates-category-electricity-usage-region-classification/. Accessed on 05 November 2024.

Xue Y and Xu Q. 2021. An Ecological Discourse Analysis of News Coverage of COVID-19 in China in The Times and The New York Times. Journal of World Languages, 7(1): 80-103. https://doi.org/10.1515/jwl-2021-0005

Zhang B, Sandaran SC and Jing F. 2023. The Ecological Discourse Analysis of News Discourse based on Deep Learning from the Perspective of Ecological Philosophy. PLOS ONE, 18(1): e0280190. https://doi.org/10.1371/journal.pone.0280190


**Responsible Editor: Dr. Mary Grace A. Jagmis**


*© 2025, Western Philippines University*